



### Nararanasan ng Brampton ang malawakang localized na pagbaha

#### *Pinapaalalahanan ang mga residente na manatiling ligtas*

BRAMPTON, ON (Pebrero 17, 2022) – Nararanasan ng Brampton ang malawakang lokal na pagbaha sa buong lungsod. Pinapaalalahanan ang mga residente na manatiling ligtas habang nagaganap ang pagbaha.

Sa panahong ito, alam ng Lungsod na ang sumusunod na mga lokasyon ay naaapektuhan ng lokal na pagbaha:

- Wanless Road sa Winston Churchill Boulevard
- Heritage Road mula sa Bovaird Drive papunta sa Wanless Drive
- Creditview Road sa Hallstone Road
- Creditview Road sa Steeles Avenue
- Churchville Road sa Steeles Avenue
- Clarence Street bridge
- Kiwanis bridge sa Peel Village

Dapat iwasan ng mga residente ang mga lugar na ito hangga't maaari, at sundin ang mga pangkaligtasang pag-iingat na ito:

- Ang hindi gumagalaw na tubig ay maaaring grounded ng indoor electrical systems at ng underground o natumbang linya ng kuryente. Ilayo ang iyong sarili, ang mga bata at mga alagang hayop sa hindi gumagalaw na tubig at natumbang mga linya ng kuryente.
- Ang mga tubig-baha ay mabilis na makakagalaw at nagbabadya ng panganib ng pagkalunod. Protektahan ang iyong kaligtasan at huwag mag-drive o lumakad padaan sa mga tubig-baha.
- Ang mga istruktura ng gusali ay maaaring apektado at magiging hindi ligtas. Iwanan ang iyong bahay kung may anumang mga palatandaan ng posibleng pinsala sa pundasyon at istruktura, kabilang ang mga bubong ng beranda at mga overhang.
- Ang mga tubig-baha ay madalas na tinitibag ang mga daan at mga walkway. Maaaring naparupok ang mga daan at matitibag sa ilalim ng bigat ng sasakyan. Huwag mag-drive o maglakad padaan sa mga tubig-baha.
- Ang mga tubig-baha ay maaaring naglalaman ng sewage (maaaring naglalaman ng bacteria, mga virus o parasito), mga kemikal at debris tulad ng basag na mga salamin. Iwasan ang mga lugar na mababa. Ilayo ang iyong sarili, pamilya at alagang hayop mula sa mga tubig-baha.
- Huwag pumasok sa isang lugar na may baha maliban kung nagsusuot ng angkop na personal na pamproteksyong kasangkapan at pananamit.

Kung nasa panganib ang mga residente, dapat tumawag sila kaagad sa 9-1-1. Para ireport ang lokal na pagbaha sa mga daan ng munisipalidad, nabarahang storm sewer grates o pagbaha sa basement, tumawag sa 311.

Maaaring sundan ng mga residente ang [@BEMOPrepared](https://twitter.com/BEMOPrepared) sa Twitter para sa pinakabagong mga update, at bisitahin ang [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca) para sa impormasyon sa kaligtasan sa baha.

-30-

**KONTAK NG MEDIA**

Multicultural Media ng Lungsod ng  
Brampton

[multiculturalmedia@brampton.ca](mailto:multiculturalmedia@brampton.ca)